
# MASAYANG **BAHAGI**



RYAN STOKER

## **LAHAT NG BAGAY** SA PAMAMAGITAN NI CRISTO

Ang tema ng mga kabataan sa taong ito ay mula sa Filipos 4:13: "Lahat ng mga bagay ay aking magagawa sa pamamagitan [ni Cristo na] nagpapalakas sa akin." Ipaalam sa amin kung ano ang kahulugan ng talatang ito sa iyo. Paano *mo* magagawa ang lahat ng bagay sa pamamagitan ni Cristo? I-email ang mga iniisip mo at ang isang retrato sa ftsoy@churchofjesuschrist.org para magkaroon ng pagkakataong maitampok sa isang darating na isyu!






## PANAWAGAN SA LAHAT NG **MAMBABASA NG BAGONG TIPAN!**

Pag-aaralan natin ang Bagong Tipan sa taong ito. Maalam ka ba sa Bagong Tipan? O talagang masuwerte ka sa paghula? Tingnan natin kung ilan sa 27 aklat ng Bagong Tipan ang mailalagay mo sa tamang pagkakasunud-sunod (nang hindi sumisilip!). Kung makakakuha ka ng 10 o mahigit pang tama, panalo ka! May ilang hint doon na makakatulong sa iyo. (At kung hindi ka masyadong mahusay, mayroon kang isang buong taon para magpakahusay dito.)

___ Filipos
___ Galacia
___ Mga Hebreo
___ Marcos. *Hint: Isa sa mga Ebanghelyo (malapit sa simula).*
___ Lucas. *Hint: Isa sa mga Ebanghelyo (malapit sa simula).*
___ Judas
___ 2 Tesalonica
___ 1 Pedro
___ Mateo. *Hint: Isa sa mga Ebanghelyo (malapit sa simula).*
___ 2 Pedro
___ 1 Juan. *Hint: Hindi dapat maipagkamali sa Juan, 2 Juan, o 3 Juan.*
___ Mga Gawa. *Hint: Hanapin ang Mga Gawa pagkatapos ng mga Ebanghelyo.*
___ Efeso
___ 2 Corinto
___ Tito
___ Juan. *Hint: Isa sa mga Ebanghelyo (malapit sa simula).*
___ Santiago
___ Filemon. *Hint: Bilangin. Ang isang ito ay nasa tamang lugar.*
___ Roma
___ 1 Corinto
___ 2 Timoteo
___ 3 Juan
___ 1 Tesalonica
___ Apocalipsis. *Hint: Ang mga paghahayag na ito ay kadalasang tungkol sa KATAPUSAN ng mundo (at nasa bandang dulo rin siguro ng iba pa).*
___ Colosas
___ 1 Timoteo
___ 2 Juan


MGA LARAWANG-GUHIT NI JOSH TALBOT

*Tingnan ang mga sagot sa mga banal na kasulatan o sa pahina 31.*




## PAGPIPINTA GAMIT ANG **ILAW**

Si Jesucristo ang Ilaw ng Sanlibutan. Alamin natin kung paano nagsasama-sama ang iba-ibang kulay ng liwanag.

Kapag nagpipinta o nagkukulay ka, ang mga pangunahing kulay ay pula, dilaw, at asul. Ang mga pangunahing kulay ng ilaw ay pula, berde, at asul. At ang pagsasama-sama ng ilaw ay nagbibigay sa iyo ng ibang mga kulay kaysa inaasahan mo. Mahuhulaan mo ba kung anong mga kulay ang nagagawa ng mga kombinasyon ng ilaw?

Narito ang mga kulay na pagpipilian:

Cyan · Magenta · Dilaw · Orange · Puti · Violet




*Tingnan ang mga sagot sa pahina 31.*